*Awit: Karunungan 9:1-6, 9-11*

*(Panginoon, bigyan ako ng karunungan)*

Diyos ng aking mga ninuno at mahabaging PANGINOON,
Ikaw na lumikha ng lahat ng bagay
Sa pamamagitan ng iyong salita,
Sa iyong Karunungan, nilikha mo ang tao
Upang maghari sa sangnilikha
At pamahalaan ang daigdig nang may kabanalan at katuwiran,
At pairalin ang katarungan nang may katapatan.

Bahaginan mo ako ng Karunungang nakaluklok sa tabi ng iyong trono,
At ibilang mo ako sa iyong mga lingkod.
Ako'y alipin mo, anak ng alipin mong babae,
Isang taong mahina at madaling mamatay.
Lubhang kakaunti ang pagkaunawa ko sa
Kautusan at kung paano iyon paiiralin.

At kahit na ang isang tao ay maging ganap,
Wala rin siyang magagawa
Kung wala siyang karunungan na nagmumula sa iyo.

Sumasaiyo ang Karunungan
At nalalaman niya ang iyong mga gawa,
Sapagkat kaharap siya nang likhain mo ang daigdig.
Alam niya kung ano ang iyong kinalulugdan,
Kung ano ang mabuti at naaayon sa iyong mga utos.

Suguin mo siya mula sa kalangitan
At mula sa luklukan ng iyong kaluwalhatian.
Sa gayon, siya'y sasaakin
At sasamahan ako sa aking ginagawa,
At ituturo niya sa akin kung ano ang nakalulugod sa iyo.

Alam niya at nauunawaan ang lahat ng bagay,
Papatnubayan niya ang lahat ng kilos ko,
At iingatan ako sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

